

Ang Penomenolohiya ng Taong Nagmamahal sa Pilosopiya ni Florentino Hornedo*

Patrick Andre C. Mencias

University of Santo Tomas | andre.mencias@gmail.com

Abstract: Ang layunin ng papel na ito ay maipasiwalat ang teorya ng *Pagpapakatao* ni Florentino Hornedo na kaniyang sanaysay sa kaniyang mga naunang akda na *The Power to Be: The Phenomenology of Freedom at Pagmamahal at Pagmumura*. Si Hornedo bilang iskolar ng iba't ibang larangan ng agham pantao ay lubos niyang pinapaalala na ang mga disiplinang ito ay nararapat na maglahad ng kasagutan sa kung ano ang kahulugan ng pagiging tao. Ang Pagpapakatao kay Hornedo ay ang kaniyang paglalahad ng teorya sa kayarian na binubuo ng katawan at kamalayan. Kung saan ang kamalayan ay hindi lang kamalayang pansarili kundi kamalayang may namamalayan. Ang mga implikasyon ng pagkakaroon ng kamalayan na ang tao bilang may kamalayan sa sarili ay may kakayang ilahad ang kaniyang sarili sa kapwa ng masining na paraan sa pamamagitan ng trabaho o “*work*”. Kasunod nito ang kaniyang libro naisulat na *The Power to Be* ay ang kaniyang panayam ukol sa kahulugan ng Freedom bilang Strength o lakas ng tao na pinapapalakas ang sarili at ang ibang tao. Ang Pagmamahal at Pagmumura naman ay ang kaniyang pagbigay ng kahulugan sa mga salita ng Pagmamahal at Pagmumura bilang isang gawa na ng pagtingin sa mga bagay na mataas o mababa at isa ring etikal na gawain kung saan ang tao ay nakapagpapataas, o nakapagpapababa ng halaga o “*value*” sa ibang tao. Bilang paraan ng paglahad ng papel na ito ay ang pagtatagpi ng tatlong gawa ni Hornedo at pagbibigay ng manunulat ng isang paraan sa pag unawa sa kaniyang pilosopiya na isang pagkilos sa pagpapaalala sa proyekto ng agham pantao bilang pag-aaral sa pilosopiya ng tao at ang kaniyang pagkontribusyon sa Pilosopiyang Pilipino.

Keywords: Pagpapakatao, Pagmamahal, Pagmumura, Kalayaan

Isa sa mga laganap na tema sa mga sulat ni Florentino Hornedo ang pagbibigay kahulugan sa pagpapakatao ng tao. Sa unti-unti paglaganap ng modernong uri

teknolohiya ngayon ay mapapatanong ang isa patungkol kaniyang saysay bilang isang tao sa mundong kinalulugaran niya. Samakatuwid, ang paghahanap ng sa kahulugan sa isang tao

ay siyang nagging sentro ng pag-iisip ni Hornedo sa larangan ng agham pantao na siya ay binansagang “*Renaissance Man*.”

Bago pa lamang siya ay mabansagan ng ganiyang titulo ay nagsimula si Hornedo bilang studyante katulad ng karamihan sa atin. Si Hornedo ay tubong Sabtang, Batanes na pinalad magbigyan ng oportunidad makapag-aral sa Manila. Noong dumating ang panahong siya ay pipili ng kaniyang aaralin pagkatapos ng high school ay una niyang piniling pag-aralan ang Biolohiya dahil sa kaniyang pagmamahal sa buhay ng hayop, ngunit sa kadahilanang ekonomikal at ang takot na makasira ng iba’t ibang kagamitang laboratoryo, hindi niya tinahak ang landas na ito at napag-isipang mag aral ng edukasyon sa University of Santo Tomas ng 1957 na nagbukas sa kaniya ng pinto sa pag-aaral ng agham pantao.

Lalong nabigyan ng mas malalim na kahulugan ang kaniyang titulo nang siya ay nakapag-aral ng iba’t ibang disiplina sa agham pantao. Ayon kay Roland Theuas Pada, inilarawan si Hornedo bilang isang “*an intellectual tangled with a caboodle of disciplines in the humanities*” o sa simpleng salita, isang taong tinahak ang iba’t ibang landas sa kaniyang paghanap ng kahulugan sa pagpapakatao ng isang tao.¹ Pinag-aralan niya ang kasaysayan, antropolohiya, panitikan at pilosopiya at naging maestro sa mga disiplinang ito. Isa sa naghubog kay Hornedo na paigtingin ang pag-aaral sa

agham pantao ay dahil sa kaniyang dissertation na *Laji: An Ivatan Folk Tradition* ay ukol sa pagpapanatili ng kultura ng mga Ivatan dahil sa paglaganap ng modernisasyon sa Batanes.² Bagkus, sa buhay na tinahak ni Hornedo ay lalong mauunawaan ang pilosopikal na pananaw bilang makataong pananaw.

Samakatuwid, ang layunin ng papel na ito ay maipapasiwalat ang makataong pananaw ni Hornedo sa kaniyang mga naisulat ukol sa pilosopiya. Itatalakay ng pagsusuring ito mga isinulat ni Hornedo na ang *Power to Be: The Phenomenology of Freedom, Pagmamahal at Pagpapakatao* na ipagtatagpi-tagpi ang mga gawa na ito upang magkaroon ng isang pagbubuo ukol sa konsepto ng tao.

KALAYAANG NAGPAPALAKAS

Sinulat ni Hornedo ang kaniyang Master’s Thesis patungkol sa pagtatalas sa Freedom na nailathala ng 1972. Unang binigyan ni Hornedo ang pamagat na “The Philosophy of Freedom” ngunit nagkaroon ito ng hindi magandang pagtingin ng iba’t ibang iskolar³ kaya’t ito ay pinalitan bilang “The Power to Be: A Phenomenology of Freedom” dahil ito ay malapit sa layunin ng libro na maipakita ang diskurso sa pagtatalas sa kung ano nga ba ang ibig sabihin ng pagiging malaya.⁴ Ang libro ay inilathala muli ng taong 2000 ng UST Publishing House.⁵

* This paper has been presented during the Second International Conference for Philippine and Asian Studies last May 3-4, 2018 in Visayas State University, Baybay City, Leyte.

¹ Roland Theuas DS. Pada, *The Humanity of Florentino Hornedo in the Humanities*, Kritike Online Journal of Philosophy, Vol. 9, No.2 (December 2015), 1.

² Pada, *The Humanity of Florentino Hornedo in the Humanities*, 2-3.

© TALISIK

Volume V, Issue no.1

ISSN 2362-9452



³ Fleurdeliz Altez- Albela, *Phenomenologizing Filipino Organic Thought: Florentino H. Hornedo’s Philosophical Anthropology*, Kritike Online Journal of Philosophy, Vol. 10, No. 2 (December 2016), 62.

⁴ Florentino Hornedo, Preface to the New Edition of *The Power to Be: A Phenomenology of Freedom* (2000, UST Publishing House, Manila), ix.

⁵ Maliban sa hindi magandang pagtingin sa pamagat, ang pagkalathala rin ng libro ay nasa bungad ng

Tinukoy ni Hornedo ang Freedom bilang importanteng aspeto sa pagbuo ng sarili bilang tao.⁶ Sinulat niya ang paksa patungkol sa Freedom ay sa kadahilanang may kakulangan sa pagtukoy sa kabuluhan nito kaya't nagkaroon ng maraming iba't ibang pananaw patungkol sa paksang ito.⁷ Bagkus, ginawang layunin ni Hornedo na tukuyin ang Freedom bilang tinuturing metapisikal na uri ng lakas na “*autonomous energy for being*.”

Dahil nabanggit ang kakulangan sa pagtukoy ng kahulugan nito, binalikan ni Hornedo ang “stuff” ng Freedom. Pinapaliwanag ni Hornedo na ang Freedom bilang Stuff ay mayroong metapisikal at istorikal na phenomena na tinuturing na totoo at nagiging sanhi at bunga. Kung mayroong sanhi, mayroong “*agent*” ng sanhing ito, at kung mayroong bunga na siyang nagpapatunay nito. Ang Autonomy ay tumutukoy bilang “*being that is self-governing*”. May awtonomiya ang isang bagay kung ito ay kayang pamunuan ang kaniyang sarili na hindi lamang tumutukoy sa lakas at kapangyarihan, kundi ang bagay na ito ay hindi naaapektuhan ng panlabas na mga aspeto sa paggawa ng kaniyang sariling kagustuhan.⁸ Mula sa awtonomiya bilang na siyang nagiging tagapagpaganap sa sarili, ang “*Autonomous Energy*” samakatuwid ay ang napapatunay nito sa pamamagitan ng pagkilos. Ito ang prinsipyo ng kakayahan ng “*being*” kumilos o magtimpi ng naaayon sa karapat-

dapat na pagsagawa.⁹ Isang halimbawa ng pagkilos ang pagkakaroon ng kakayahang pumili na siyang nagpapatunay sa lakas ng Freedom bilang pagpapalakas sa tao.¹⁰

Ang salitang Being ay ginamit ni Hornedo upang tukuyin ang taong taglay ang Freedom na nagpapalakas. Ang Being ay nailalantad ang kaniyang sarili sa penomenolohikal na pamamaraan. Dahil sa pagkalantad nito, ang tao ay may kakayahang tukuyin ito sa kaniyang pagtagpo nito sa pagtatalas sa kahulugan ng Being. Bagkus, ang tao ay sinasabing makatagpo ng iba't ibang bagay na lumalantad sa kaniya sa mundo galing sa kaniyang pagtatalas sa kahulugan ng Being. Dahil ang Freedom ay tinuturi bilang isang “*being*”, ang pagkalantad nito ay sa pamamagitan ng tao na siyang kumikilos upang mailantad ang sarili niya. Ang taong nailantad ang kaniyang sarili ay siyang nakikita sa mundo upang magkaroon ng kahulugan. Bagkus, ang Freedom bilang lakas ng tao ay isang mahalagang aspeto para sa pagkalantad ng tao sa mundo.¹¹ Tila ginamit ni Hornedo rito ang Being ay parehas na nagmula sa iskolastik at kasalukuyang kahulugan na kaniyang hinabi parehas upang tukuyin na ang Freedom ay isang bagay na “*Stuff*” na naging “*Autonomous Energy for Being*” at ang pagkalantad nito sa pamamagitan ng tao bilang Being.

pagdeklara ng Batas Militar sa Pilipinas ng Setyembre 21, 1972 na naiwang hindi nabasa at tinago lamang sa panahon kung kalian mahalaga ang paksa patungkol sa kalayaan. Cf. Roland Theuas DS. Pada, *The Humanity of Florentino Hornedo in the Humanities*, 2.

⁶ Florentino Hornedo *The Power to Be: A Phenomenology of Freedom* (2000, UST Publishing House, Manila), 1.

⁷ *Ibid.*, 11.

⁸ *Ibid.*, 12-13.

⁹ *Ibid.*, 14-15.

¹⁰ *Ibid.*, 85.

¹¹ Ginamit ni Hornedo ang pagtatalas ni Heidegger ukol sa Being sa the Question of the Meaning of Being upang mailahad ang kalaayang nailalantad sa pamamagitan ng tao. Florentino Hornedo *The Power to Be: A Phenomenology of Freedom*, 16, 92.

Ang Freedom ay hindi pag-aari ng sino man para sa kaniya lamang, bagkus, ito ay dahil ang Freedom ay para sa lahat ng nagnanais na lumago sa lakas na binibigay nito. Ang taong pinakamalaya ay ang pinakamalakas sa lahat at ito ay dahil sa patuloy na paglago ng iba't ibang kakayahan ng tao¹² mula sa puso, isip at katawan patungo sa Kalayaan. Ang paglago mula sa mga kakayahang ito ay mahalaga upang makamit ang kabuohan ng Kalayaan.

PAGMAMAHAL AT PAGMUMURA

Ipinaliwanag ni Hornedo sa sanaysay ng kaniyang pagkahiwatig ng halaga o “values” sa pamamagitan ng pag-unawa sa ibig sabihin ng Pagmamahal at Pagmumura. Dito makikita ang pagiging iskolar ni Hornedo bilang pilosopo at istoryador sa pag unawa ng mga konseptong sa pamamagitan ng mga arkibos ng nakaraan at ang pag intindi nito sa pamamagitan ng Hermeneutics.

Nakita ni Hornedo na ang pinagmulan ng pagtingin sa halaga na nanggaling sa ugali ng mga tao mula sa pre-kolonyal na panahon dahil ang kanilang pagtingin sa mundo nahahati sa dalawang pwersa ng liwanag at dilim, “God and the Evil One” at mga bayani at mga kontrabida. Ang kanilang pag unawa nito sa mundo ay nagdulot ng mga myto and mga kwento na patungkol sa pakikibaka ng mga bida laban sa kabaliktaran nito.¹³ Bagkus, Nakita muli ni Hornedo na mayroong pagkakatulad ng ugali

ng pagtingin ng mga sinaunang tao patungkol sa halaga na makikita sa paggamit ng mga tao ng salitang “mahal” at “mura”.

Ang paggamit ng mga tao ang salitang “mahal” at “mura” ay dahil sa pagtingin ng tao sa realidad na naka-ayos ayon sa halaga na mataas o mababa. Ayon sa isang dokumento ni Padre Pedro de San Buenaventura ng Laguna ay pinakita ang kahulugan ng mga salitang mahal at mura sa kaniyang isinulat na *Vocabulario* ng 1613 at ito ay ihinambing ni Hornedo sa *Diksiyonaryo Tesouro* ni Jose Villa Panganiban ng 1973:

¹² Ang iba't ibang kakayahang tinutukoy dito ay ang Physical Strength, Psychological Strength, Intellectual Strength, Moral Strength, Cultural Strength, Social Strength, Political Strength, at Metaphysical Strength. *Ibid.*, 64.

¹³ Florentino Hornedo, *Pagmamahal at Pagmumura: Essays* (1977, Office of Research and Publication, School of Arts and Sciences, Ateneo de Manila University, Quezon City), 143.

Fr. P. de San Buenaventura ¹⁴		Jose Villa Panganiban ¹⁵	
<i>Mabal</i>	- <i>noble</i>	<i>Mabal</i>	- expensive
	- <i>enoblecer</i>		- high-priced
	- <i>estima</i>		- beloved
	- <i>preciado</i>		- held highly in great esteem
	- <i>preciosa</i>		- noble
	- <i>honroso</i>		highly born
	- <i>grave</i>	<i>Mura</i>	- cheap
	- <i>tenerse</i>		- inexpensive
	- <i>lactarse</i>		- low-priced
	- <i>entonarse</i>		- scolding
	- <i>valor</i>		- reproach
<i>Mora</i>	- <i>afrenta</i>		- young and unripe fruit, etc
	- <i>desbonra</i>		- very young coconut fruit
	- <i>vituperio</i>		- immature
	- <i>abaratar</i>		- undeveloped
	- <i>barato</i>		- fresh and young
			- light as in <i>asul na mura</i> (light blue)

¹⁴ *Ibid.*, 146- 147.

¹⁵ *Ibid.*

Makikita ang pagkakatulad ng mga kahulugan mula sa dalawang na patungkol sa halaga sa kabila ng agwat ng panahon. Bagkus, makikita rin dito ang pagtingin ng mga sinaunang tao sa realidad na nahahati sa dalawang bagay ay kaparehas sa pagtingin ng tao ng 1613 sa realidad bilang mahal at mura at ang mga tao ng kasalukuyan. Nagamit ang salitang mahal at mura sa pagtingin sa mga bagay-bagay sa realidad na mataas ang halaga o mababa ang halaga na dulot pa rin ng pagtingin sa mundo sa dalawang aspeto. Nang sinabi na halaga ang naging basehan ay tila tinuri din nilang mahal o mura ang mga bagay sa mundo katulad ng mga bagay na binibili nang dumating din sa punto kung itinuturi din nila ito sa pag uugali ng tao.¹⁶

Bilang salita na mula sa kasaysayan ay ipinamalas sa pamamagitan ng wika. Ang isang paraan ng pag unawa ng mga salita nito ay sa pamamagitan ng Hermeneutics ni Paul Ricoeur na “Ontology of Understanding”. Para kay Ricoeur, nauunawaan ng tao ang mga salita ng nakaraan sa kaniyang pakikibahagi sa salitang iyon nang maunawaan niya ang konteksto ng panahon ng salitang iyon. Bagkus, ang taong nang unawa ay lalong nalalapit sa teksto iyon na siya ay lumalaking na may mas malawak na pag-unawa sa mundo.¹⁷ Bilang taong may malawak na pag unawa sa salitang mahal at mura ay lalo niyang makikita ang paggamit nito sa kabila ng kaniyang kahulugan mula sa nakaraan. Bagkus, nagagamit niya pa rin ang salita sa kasalukuyang panahon.

Ang pag-unawa sa mga salitang iyon ay nagiging isang gawa na ipinapamalas sa iba, bagkus, Pagmamahal at Pagmumura. Sa isang

dokumento na ginamit muli ni Hornedo ay ang paggamit ng salitang ugat ng pagmamahal at pagmumura na “mahal” at “mura” sa isinulat ni Franciscan Venerable Juan de Oliver sa kaniyang isinulat sa Tagalog na “Declaracion de los Mandameintos de la Ley de Dios” sa gitna ng mga panahong 1585 at 1590. Ayon sa dokumento:

Ang tauong may baet, may vasto, ybinobocodniya sa caniyang loob, ang magaling sa masama, minamahal niya ang mahal at ang moray minomora rin, di may vasto pa ang tauo cun pauain niya ang labat, masaman man, magaling man, cun ybalimbawa ang mahal sa mora, at ang mora sa mahal, di bulag ang tauo cun paputiin and maytim? Ang maytim naman ay paputiin niya?... Tapat bagang ypara ang mora sa mahal? Ang Demo sa Dios?

Cun бага lalo ang D.s at mahal sa labat, anot di niyo mahalín, at ybiguin, at di sintabing lalo sa labat?

Ang Demonio, ang Anito, cun para mora sa labat, masamang anyo, masamang loob, opasalain sa caniyang Dios, anot di morabin sa labat, di calupitan, at di limutin ang walang baet sang saga;...¹⁸

The reasonable man, who has discernment, distinguishes within his heart what is good and what is evil; he esteems the precious and the worthless he treats as worthless. Would a man be considered right if he treats equally everything, both good and the evil as if they were the same, and if he regards as equal both that which is precious and that which is worthless, or that which is worthless with that which is precious? Would not the person be blind if he

¹⁶ Florentino Hornedo, *Pagmamahal at Pagmumura: Essays*, 147-148.

¹⁷ *Ibid.*, 145.

¹⁸ *Ibid.*, 148-149.

treats that which is black as if it were white, and that which is white as if it were black?... Is it correct to treat the cheap and the costly as if they were equal? The devil and God?

If God is greater and most precious of all, why do you not esteem and love and cherish him above all?

The Devil, the *anito*, if the most worthless, ugly, evil-minded, a murmurer against his God, why is he not treated as the most worthless of all, why not shown cruelty, why not forgotten as worth nothing?

Makikita ng mga mababasa na ginamit ang mahal at mura bilang pagsalarawan ng halaga na patungkol sa pagmamahal sa Diyos at pagpapawalang halaga sa demonyo. samakatuwid, mauunawaan ng isa na ang pagmamahal sa Diyos ang pinakarurok ng Gawain ng isang tao na sumasalamin sa Utos ng Pagmamahal ng Diyos.

Ang pagkakaroon ng kaalaman ukol sa halaga ay nakapaloob sa taong tumitingin. Nakapaloob sa kaniya ang karanasang nagbibigay halaga at nabibigyan ng halaga. Katulad ng isang pilak na walang halaga hanggang ito'y mabigyan ng halaga ng tao. At dahil sa pag uugali ng tao na maglarawan ng mga bagay-bagay na mahal at mura ay dinala ni Hornedo ang pag ugaling paglarawan sa tao. Bagkus, mahal at mura ay nagiging basehan sa pagkumpara ng halaga ng tao kung saan ang mura ay naglalarawan na mababa ang halaga ng isang tao sa iba at mahal kung siya ay magkatulad ng hloga o mas mataas pa sa kaniya. Ang Pagmamahal sakamatuwid, ay isang pag

uugali ng tao sa iba na nagpapataas ng kaniyang halaga at pagmumura ay pagpapababa nito.¹⁹

Nauunawan ang paggawa ng pagmamahal na sinasabi ni Hornedo mula sa halimbawa ng pag iingat ng mga bagay-bagay. Ito ay ini-ingatan upang hindi mawalan ng halaga, bagkus katulad ng mga magulang nag napapalaki ng kanilang anak ay kanilang sinusuportahan nang sila ay lumalaki bilang mabuti tao. Sila ay pinapaaral at pinapakain upang magawa iyon at ang gawaing iyon ay sumasalamin sa pagmamahal na nagpapataas ng halaga at ini-ingatan na hindi mawalan ng halaga.

Ngunit ang pagmamahal ng magulang ay importanteng suporta lamang ng anak. Ang anak na siyang pinalaki ay nabigyan ng mga oportunidad ng kaniyang mga magulang upang lumago bilang tao at mula sa oportunidad nito ay siyang lumaki na nagpapahiwatig ng kaniyang pagkatao dulot ng kaniyang pagtra-trabaho mula sa mga oportunidad. Katulad ng isang anak na pinalaki na upang maging manggagamot ay siyang nagsikap upang maabot ang kaniyang pangarap.²⁰ Ang penomenolohikal na aspeto ng pagmamahal ay nakikita sa paggawa ng pagmamahal ng taong nagmamahal sa kaniyang minamahal nang dahil siya ay tinuturing na mahalaga. Dala ng pagmamahal niya sa kaniyang minamahal ay kaniyang pinapataas ang halaga niya at pinapanatili ang halaga nito.

Nilahad ni Hornedo na kung may pagpapataas ng halaga na pagmamahal ay mayroon ding kabaliktaran na kung saan ang halaga ay pinapababa o Pagmumura. Katulad ng paggamit ng salitang “Mora” na sinulat ni

¹⁹ *Ibid.*, 150-151.

²⁰ *Ibid.*, 152.

Fray Oliver, ang pagmumura ay ginamit upang mai-pang walang halaga ang Diyos sa pag insulto sa Kaniya na tinuturing pinakamatinding kasalanan. Bagkus, ang Pagmumura sa kasalukuyan ay nakikita sa ugali ng mga taong minamaliit ang kaniyang kapwa sa pamamagitan ng mga insulto o kaya sa kanilang ginagawa sa kanila.²¹

Ihinambing din ni Hornedo ang Pagmamahal sa iba't ibang birtud na sumasalamin sa kultura ng Pilipino katulad ng Katapatan, Pagkamagalang, at iba pa.²² Tinukoy ni Hornedo ang Katapatan bilang *single-mindedness* na kung ito ay ihahambing sa etika ni Soren Kierkegaard na *Purity of Heart* na “*to will one thing*”, bagkus, ang layunin lamang ng matapat na pagmamahal ay ang pagpapahalaga sa minamahal at patuloy na pataasin ang halaga nito at wala itong bahid ng iba pang mga intensiyon sa paggawa ng pagmamahal sa kapwa. Ang Pagkamagalang na tinutukoy dito ang pagkakaroon ng pagkilala sa halaga ng kaniyang kapwa at ang pagbibigay ng kalayaan sa kaniya na maipahiwatig ang kaniyang pagkatao.²³

Samakatuwid, ang Pagmamahal ay ang pagkilala sa halaga ng kaniyang kapwa at ang pag uugali ng kaniyang patuloy na pagtaas sa halaga nito. Nakikita sa ang paggawa ng Pagmamahal sa pagkilala ng halaga ng kaniyang minamahal, ang pagtaas ng halaga ng kaniyang minamahal sa kadahilanang siya ay karapat-dapat sa pagtanggap ng pagmamahal. Ang Pagmumura naman ay ang kahit anong gawaing pagpapababa sa halaga ng kaniyang kapwa at

ang pagtanggap sa pagkilala at pagbigay ng galang sa halaga ng kaniyang kapwa.

PAGPAPAKATAO

Sa parte ng pagsusuri na ito ay ang paglalahad ng sanaysay ni Hornedo patungkol sa kaniyang teorya sa katauhan ng tao. Sa kaniyang isinulat na Pagpapakatao, nilahad niya ang duwalistang kabuohan ng tao na katawan at ispirito dulot ng pananaw ni Descartes.²⁴ Dito nilahad ni Hornedo ang kahalagahan ng katawan na sinasabing materyal na bagay na siyang sumasalamin sa realidad ng walang kahalagahan ng katawan na siyang pinagpapatawan ng karahasan. Sa kabila na ang katawan ay sinasabing nakakasagabal sa pag-iisip ng tao, kinakailangan ang ispiritu ng tao upang maisupil ito upang maipaunlad ang personalidad sa pagpapalago nito. Ang pagpapahalaga sa katawan na tinutukoy ni Hornedo ay ang wastong pagpapahalaga nito dahil ito ay tinuring kasangkapan sa pagkatao ng tao. Mapapansin na hindi madaling makapag-isip at gumawa ng kahit ano mang bagay kung ang katawan ay hindi naaalagaan, bagkus kung ang katawan ay hindi pinahalagahan ay siya ring sumasalamin sa kulang na pagpapahalaga sa pagkatao ng tao.²⁵

Mula sa duwalismo ni Descartes ay binigyan ng diin ni Hornedo ang ispirito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kamalayan ang tao. Ang Kamalayan na tinutukoy ni Hornedo dito ay ang kaniyang pag lalahad ng Penomenolohiya ni Husserl na “*Consciousness*” na kaniyang isinalin sa wikang Filipino. Ang

²¹ *Ibid.*, 153.

²² Pinili ng tagasuri na ipaliwanag ang ilang birtud na naaayon sa paksa ng papel.

²³ *Ibid.*, 155-157.

²⁴ Florentino Hornedo, *Pagpapakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas*, (2002, University of Santo Tomas Publishing House, Manila), 1.

²⁵ *Ibid.*, 1-2.

Kamalayan ay binubuo ng pagkakaroon ng Malay-tao at ang Nilalaman ng Malay-tao kung saan ipinapahiwatig ang realidad ng pagkakaroon ng kamalayan ng tao ay dahil mayroon siyang namamalayan. Tila, ito ay parang laro na walang kairalan kung walang naglalaro ayon kay Hornedo. Bagkus ang kamalayan ay siyang uhaw sa kaniyang namamalayan na kasing tulad ng taong uhaw din sa kaalaman. Bagkus, ang pagkakaroon ng kamalayan ay nagpapayaman sa kahulugan ng pagkatao ng tao.²⁶

Ang pagkakaroon ng Kamalayan ay mayroong dalawang antas na ang *kamalayang patungkol sa bagay* na sumasagot sa tanong na “ano?” at ang *kamalayan tungkol sa kabuluhan* sa tumutugon sa tanong na “sino ka?” at “Ano ka?” patungkol sa pagkatao o ang kabuluhan nito. Ang pagkakaroon ng katawan na sa kabila ng pagkakulang ng mga parte nito ay hindi nakakabawas sa personalidad ng tao. Ngunit, kung ang katawan ng tao ay iisa sa kaniyang personalidad, ang pagpapahalaga sa katawan ng ibang tao ay siya ring pagpapahalaga ng pagkatao nito. Bagkus, kung ang binastos ang katawan ng ibang tao ay siya ring kabastusan sa kaniyang pagkatao katulad na lamang ng panggagahasa na hindi lamang pagkakasala sa katawan ng kaniyang kapwa kundi pati ang kaniyang pagkatao. At dahil sa Kamalayan ay nag-iisa sa Katawan, ang Katawan ay tinuturing taga pamagitan ng kalooban ng isang tao patungo sa daigdig. Ang Katawan ay nagsisilbing isang materyal na bagay na namamalayan ng iba na nagpapatunay ng kaniyang presensiya at sa pamamagitan nito ay

nailalahad niya ang kaniyang mga saloobin at pagmamahal sa iba.²⁷

Dahil sa pagkakaroon ng katawan ng tao, may kakayahan siyang gumawa ng pagbabago sa kaniyang kapaligiran mula sa kaniyang kalooban. Dahil nabanggit ang duwalismong kabuohan ng tao, ginamit ni Hornedo ang Kalooban na bilang katumbas ng “*Subjectivity*” na kaniyang ipinaliwanag sa pamamagitan ng metapora ni Propesor Cuvar na “Palayok” kung saan mayroon labas at loob ang isang tao.²⁸ Ang kaniyang ginagawa na mula sa kaniyang kalooban ay nakapaloob sa panahon sa mundo na may simula, katapusan at may puno’t dulo. Bagkus, ang tao ay malikhain ng isang proyekto na naayon sa kaniyang kalooban, may kakayahang lumikha ng kaniyang kasaysayan na bumubuo ng kahulugan. Dahil dito, mahalaga para sa tao ang paggawa o “*work*” na siyang lumilikha ng kaniyang kasaysayan na tumutugon sa kaniyang pangangailangan. Ang kaniyang paggawa ay sumasalamin sa kaniyang pagkatao na siyang katangiang kakaiba sa hayop dahil sa kakayahang makapagmuni-muni at makilala ang sarili sa paggawa.²⁹ Ayon kay Fleurdeliz Altez-Albela, nasa pamamagitan ng paggawa ay makikita ang halaga ng isang tao na kumikilala sa pagkatao niya at kaniyang pinapamalas sa iba.³⁰ Dahil sa halaga na mula sa paggawa, pumapasok ang Pagmamahal na siyang kumikilala sa halaga ng tao para sa patuloy na paglago ng kaniyang kahalagahan at pagkatao.

Mula sa Kamalayan ng tao na kaniyang ginagamit upang linangin ang kaniyang

²⁶ *Ibid.*, 2-3.

²⁷ Florentino Hornedo, *Pagpapakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas* 3-4

²⁸ *Ibid.*, 6.

²⁹ *Ibid.*, 5-6.

³⁰ Fleurdeliz Altez- Albela, *Phenomenologizing Filipino Organic Thought: Florentino H. Hornedo's Philosophical Anthropology*, 64.

kalayaan, at pagmamahal. Katulad ng kaniyang unang naisulat sa *The Power to Be*, ang Freedom na isinalin ni Hornedo bilang Kalayaan ay tinuturing nagpapalakas sa tao at ginagamit ito upang maipalakas ang iba, nagbibigay ng kakayahan. Ang pagpapalakas sa kaniyang kapawa ay kaniyang pakikiugnay (*relatedness*) sa iba sa kaniyang pagpapalaganap ng kaniyang Kalayaan.³¹ Ang Pagmamahal ay katulad rin ng kaniyang sinulat sa *Pagmamahal at Pagmumura* na gawaing nanggaling mula sa kalooban para sa ganap na ikabubuti niya na ang layunin ng pagmamahal ay ang pagkamit ng minamahal ang kaniyang mga pangarap at tagumpay sa buhay.³² Mula sa halimbawa ni Hornedo patungkol sa anak na sumikap bilang manggagamot dahil sa tulong ng kaniyang mga magulang ay pagpapakita ng kaniyang pagmamahal na nagpapalakas at para sa ganap na ikabubuti.³³ Ito rin ay pagbibigay galang ng mga magulang sa anak na siyang pumili ng landas na kaniyang tinahak.

Mayroong responsibilidad na binigyan diin ni Hornedo na tumutukoy sa sensibilidad ng tao na tumugon at makiramdam sa pangangailangan ng kapwa. Ang tao ay mayroong kamalayan patungkol sa kaniyang Kalayaan³⁴ at dahil dito, ang pagtugon nito ay nakabatay sa kaniyang Kalayaan na siyang may kakayahan upang pagtugunan ang kaniyang kapwa.³⁵ Ang *Personhood* mula sa Freedom ni Hornedo ay tumutukoy sa pagiging responsible sa kaniyang mga

gawain.³⁶ Samakatuwid, ang pagiging tao ay ang pagkakaroon ng kalayaang maging responsible sa kapwa.

KONKLUSIYON: ANG KAYARIAN NG TAONG NAGMAMAHAL

Bilang paglalagom ng papel na ito, mauunawaan ng mambabasa na ang kabuohan ng tao mula sa katawan at kamalayan. Kalakip ng kamalayan ang Kalayaan na kaniyang namamalayan ang pagkataglay ng nito na siyang nagpapalakas kaniya upang siya'y makagawa ng kaniyang pagkatao. Ang pagsaggawa ng Pagmamahal ay nakabatay sa Kalayaang nagpalakas sa tao at makikita lamang ang pagsaggawa nito kung ang tao ay mayroong katawang nakalantad sa mundo upang makisalamuha sa iba samakatuwid, nagiging ang Kalayaan ay nagiging etikal. Ang makataong responsibilidad ay maihahabi sa Pagmamahal na nagbibigay daan upang magkaroon ng ugnayan sa kaniyang kapwa na upang makilala ang kaniyang sa halaga upang maipataas ito. Ang kaniyang pagkatao ay siyang maglalantad ng kaniyang halaga sa pamamagitan ng kaniyang pagtrabaho. Nasa pamamagitan ng Pagmamahal ay mauunawaan ng tao ang kaniyang halaga at kaniya ring magagawang pataasin ang halaga ng pagkatao ng iba na sila ring nililina ang sarili. Bagkus, ang isa ay nagiging tao sa Pagmamahal at ang Pagmamahal ay nagpapakatao sa tao.

³¹ Florentino Hornedo, *Christian Education: Becoming Person-for-Others: Essays in Philosophy of Education* (1995, UST Publishing House, Manila). P. 35

³² Florentino Hornedo, *Pagpapakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas* P 6-8

³³ Florentino Hornedo, *Pagmamahal at Pagmumura: Essays*, 152.

³⁴ Ginamit ni Hornedo ang salitang “Kalayaan” bilang kaniyang pagsalin sa Freedom.

³⁵ Florentino Hornedo, *Pagpapakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas*, 7.

³⁶ Hornedo Florentino Hornedo *The Power to Be: A Phenomenology of Freedom*, 94.

Nasa pagtatagpi ng mga sinulat ni Hornedo makikita ang kaniyang patuloy na pagpapahalaga sa pagpapakatao ng tao. Ang isang katangi-tanging pananaw ni Hornedo patungkol sa paksa ng Filipino Philosophy ay hindi lamang siya nakasalalay sa pinagmulan ng Pilosopiyang Pilipino, kundi pinaghabi niya ang iba't ibang disiplina ng agham pantao at agham panlipunan upang mamilosopiya. Nasa pagsasalamin ng kultura, panitikan at

kasaysayan ay siyang nagpapatibay sa pilosopiya ni Hornedo sa kaniyang pagsusuri.³⁷ Ang istilo ni Hornedo patungkol sa Pilosopiya ay kaniyang pinapababa ang antas ng diskurso nito sa paguugnay nito sa ibang disiplina upang maunawaan ng karamihan na dapat maging layunin ng pilosopiya sa kasalukuyang panahon.

³⁷ Roland Theuas Pada, *The Methodological Problems of Filipino Philosophy*, Kritike Online Journal of Philosophy, Vol. 8, No.1 (June 2014) p 38

BIBLIOGRAPHY

- Altez-Albela, Fleurdeliz. 2016. "Phenomenologizing Filipino Organic Thought: Florentino H. Hornedo's Philosophical Anthropology." *Kritike Online Journal of Philosophy* 61-67.
- Hornedo, Florentino. 1995. *Christian Education: Becoming Person-for-Others: Essays in Philosophy of Education*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- . 2002. *Pagkakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- . 1977. *Pagmamahal at Pagmumura: Essays*. Quezon City: Office of Research and Publication, School of Arts and Sciences, Ateneo de Manila University.
- . 2000. *The Power to Be: A Phenomenology of Freedom*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- Pada, Roland Theaus DS. 2015. "The Humanity of Florentino Hornedo in the Humanities." *Kritike Online Journal of Philosophy* 9 (2): 1-4.
- Pada, Roland Theaus DS. 2014. "The Methodological Problems of Filipino Philosophy." *Kritike Online Journal of Philosophy* 8 (1): 24-44.